Lifestyle Discipleship ©

Conrad Jun Tolosa
Revised March 14, 2020

703. Kaligtasan

Sinasabi sa Romans 3:23 at 6:23 na ang lahat ay nagkasala at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, subalit ang walang bayad na handog ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus. Sinasabi naman sa Ephesians 2:8 na ang kaligtasan ay biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala.

Ang gospel ni Jesu Cristo ay ang mabuting balita ng kaligtasan. Ito ang ibinunyag ng isang anghel ng Diyos kay Jose sa pamamagitan ng panaginip. Ang sabi ng anghel ay ito: *Jose, anak ni David, huwag kang mabahala na pakasalan si Maria sapagkat ang nasa kanyang sinapupunan ay mula sa Banal na Espiritu. Dadalhin niya ang isang sanggol na lalaki at papangalanan mo siyang Jesus, na siyang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kasalanan* (*Matthew 1:18-21*).

Dalawang bagay ang dapat na tandaan mula sa Bible passage na ito. Una, Si Jesus na anak ni Maria ay nagmula sa Banal na Espiritu, kaya si Cristo ay masasabing totoong tao at totoong Diyos. Ikalawa, Si Jesus ay mula sa lahi ni David at Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan, sa bayan ng Israel, sa bayan ng Diyos (Deuteronomy).

Ang mabuting balita na ito ay unang ibinunyag publicly sa Bethlehem kung saan si Jesus ay isinilang. Isang anghel ng Panginoon ang nagpakita sa mga pastol na nagmamasid ng kanilang kawan sa dakong iyon. Ito ang kanyang ibinalita: *Dala ko sa inyong ang isang mabuting balita na puno ng kagalakan, para sa inyo at para sa sanlibutan, ngayong araw na ito ay isinilang sa lungsod ni David ang isang sanggol na lalaki, ang tagapagligtas na si Cristo, ang Panginoon* (*Luke 2:8-11*).

Dalawang bagay din ang dapat nating tandaan mula sa Bible passage na ito: Una, ang gospel ay para sa sanlibutan at hindi lamang para sa mga Hudyo. Ito ang sabi sa John 3:16, *Gayun na lamang ang pagmamahal ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak upang ang sino mang maniwala sa kanya ay hindi mapapahamak kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan*. Ikalawa, si Jesus ang pinangakong tagapagligtas, ang Mesias ng Old Testament na pinoprosiya mula Genesis hanggang Malachi.

Kaya naman na sinabi ni Jesus sa John 14:6 na: *Ako ang daan at ang katotohanan at ang buhay. Walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko*. Ang katotohanang ito ay binigyang diin din ni Apostol Pedro sa Acts 4:12 kung saan ito ang kanyang sinabi: *Walang kaligtasan kanino pa man sapagkat walang ibang pangalan ang ibinigay sa tao sa ilalim ng langit upang sila ay maligtas*. Ang tinutukoy ni Apostol Pedro ay ang pangalan ng Panginoong Jesus.

Maliwanag ang ibig sabihin sa mga talata na ating tinalakay. Si Jesu Cristo lamang ang daan ng kaligtasan, at ang mabuting balitang ito ay para sa lahat. Subalit, sinabi rin ng Panginoong Jesus na may dalawang uri ng gate at daan. Ang isa ay malawak at malapad at marami ang naglalakbay dito patungo sa kapahamakan; at ang isa ay makitid na gate at makipot na daan, at kakaunti ang nakatatagpo rito at naglalakbay patungo sa buhay.

Bagamat marami ang hindi tatanggap sa mabuting balitang ito, huwag din naman natin kalimutan ang sinabi sa 2 Timothy 2:19 na *kilala ng Panginoon kung sino ang sa Kanya*, at walang mapapahamank isa man sa kanila.

Sabihin man ng karamihang tao na ang hatungan ng lahat ng relihiyon ay langit, ang mga nagtitiwala kay Cristo Jesus ay hindi dapat magpalinlang sa mga ito. Maliwanag ang salita ng Diyos - - si Cristo lamang ang daan ng kaligtasan at Siya lamang ang nakapaghahandog ng buhay na walang hanggan, at ito ang tunay na mabuting balita.

Copyright Conrad Jun Tolosa
Revised: March 14, 2020
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.